## APPLICATION

- Naniniwala ka ba ng mahal ka ng Diyos, na Siya ay namatay para sa iyo at nabuhay muli? Naibigay mo na ba ang iyong buong pananampalataya sa ginawa ni Jesus para sa iyong kaligtasan? Kung hindi pa, nais mo bang ibigay ito sa kanya ngayon?

- Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang ang iyong buhay ay maging puno ng pag-asa at tagumpay? Ano ang isang bagay na dapat mo nang hindi gawin?

- Kanino mo maaaring ibahagi ngayong linggo ang kapangyarihan ng kamatayan ni Kristo at ng Kanyang muling pagkabuhay? Manalig sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataon ngayong linggo upang maibahagi ang Mabuting Balita.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Kristo. Ipanalangin na iyong maibahagi ang katotohan ng Mabuting Balita sa maraming tao na hindi pa nakakikilala sa Diyos.

- Ipanalangin na ikaw ay laging mamuhay nang may katiyakan sa kapangyarihan ng dakilang Diyos at na laging mag-umapaw ang iyong pag-asa, buhay, at tagumpay araw-araw. Ipanalangin na lalo pang lumalim ang iyong pagkakaunawa sa Diyos at sa lahat ng Kanyang ginawa para sa iyo.

- Hilingin sa Diyos ang katapangan na ibahagi sa iba pang tao ang Mabuting Balita at ang kasiyahan sa pagbabahagi ng Kanyang kapangyarihan, pagmamahal, at awa.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph




FILIPINO **WEEK 3**

# Ang Kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay

## NOTES

## WARM-UP

- Balikan ang isang pagkakataon kung saan ikaw ay nanalo sa isang laro o paligsahan. Ano ang mga nangyari at ano ang iyong naramdaman?

- Sa iyong palagay, sino ang pinakamakapangyarihang tao sa mundo sa kasalukuyan? Bakit siya ang iyong napili?

- Paano mo ipinagdiriwang ang mga tagumpay ng buhay? Balikan ang isang pangyayari na makapagpapaliwanag dito.

**WORD**

*[3]Sapagkat ibinigay ko sa inyo ang pinakamahalagang aral na ibinigay sa akin: Na sa Kristo'y namatay upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan, ayon sa Kasulatan. [4]Inilibing siya ngunit muling nabuhay sa ikatlong araw, ayon din sa Kasulatan.* **1 CORINTO 15:3,4**

---

Ang ebanghelyo ay ang Mabuting Balita na si Kristo ay namatay para sa ating mga kasalanan. Siya ay namatay at nabuhay muli sa ikatlong araw. Ginawa Niya para sa atin ang kailanman na hindi natin magagawa para sa ating mga sarili. Dahil sa kanyang muling pagkabuhay, kadakilaan, at lubos na kapangyarihan, ang ating kaligtasan, pag-asa, buhay, at tagumpay ay may katiyakan. Ang muling pagkabuhay ni Kristo ay isang kaganapan sa ating kasaysayan na siyang batayan ng ating pananampalataya. Isa itong patunay na ang mga pahayag ni Jesus tungkol sa kung sino Siya ay totoo. Ito ang nagpapaalala sa atin sa araw-araw ng ating katiyakan kay Kristo. Sa araling ito, ating tignan ang mga bagay na may katiyakan dahil sa kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Kristo.

## 1 Ang pag-asa ay may katiyakan.

*[19]Kung ang pag-asa natin kay Kristo ay hanggang sa buhay na ito lamang, tayo ang pinakakawawa sa lahat ng tao. [20]Ngunit ang totoo, muling nabuhay si Kristo bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.* **1 CORINTO 15:19,20**

Ang ating pag-asa ay na kay Kristo hindi lamang para sa buhay sa mundong ito kundi para sa  buhay na walang hanggan. Dahil si Jesus ay nabuhay muli, tayo ay may katiyakan na atin din itong mararanasan kung ibibigay natin sa Kanya ang ating pananampalataya. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng pag-asa? Bakit ang Diyos lamang ang dapat nating asahan?

## 2 Ang buhay ay may katiyakan.

*[54]At kapag ang katawang ito na nabubulok at namamatay ay napalitan na ng katawang hindi nabubulok at hindi namamatay, matutupad na ang sinasabi sa Kasulatan na, "Nilupig na ang kamatayan; ganap na ang tagumpay!" [55]Nasaan, O kamatayan, ang iyong tagumpay? Nasaan na ang iyong kapangyarihan?"* **1 CORINTO 15:54,55**

Buhay si Jesus. Kung Siya ay ating pagkakatiwalaan para sa ating kaligtasan, tayo rin ay makararanas ng buhay na walang hanggan. Ang kamatayan ay darating sa ating buhay, subalit wala na itong kapangyarihan sa atin. Kay Jesus, ang buhay na sagana at walang hanggan ay may katiyakan. Kung wala si Jesus sa ating buhay, bakit natin dapat katakutan ang kamatayan? Bakit mo ito hindi dapat katakutan ngayon?

## 3 Ang tagumpay ay may katiyakan.

Ngunit salamat sa Diyos dahil binigyan niya tayo ng tagumpay sa mga bagay na ito sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Kristo. **1 CORINTO 15:57**

Dahil sa kamatayan, pagkalibing, at muling pagkabuhay ni Jesus, ang ating tagumpay—sa buhay na ito at sa buhay na walang hanggan—ay may katiyakan. Tayo ay hindi lamang umaasa na maging matagumpay o kaya ay nagpupumilit lamang iwasan ang pagkatalo. Taglay natin ang tagumpay ni Kristo at dapat tayong mamuhay para sa Kanya sa ganitong katayuan. Paano nagbago ang iyong buhay nang maintindihan at ibigay mo ang iyong pananampalataya sa ginawa ni Jesus para sa iyo?